International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 61-70

# Skills in the Language Component of 10th Grade Students as a Basis for the Development of a Worktext

**IYSA MAE B. CARGASON**
San Miguel National High School
iysamae.pagdato@deped.gov.ph

**NOR-EN E. BANGKULIT, PhD**
Sultan Kudarat State University
nor-enbangkulit@sksu.edu.ph

## Abstract

This study aims to measure the level of skills of Grade 10 learners as basis for the development of a worktext. This aims to emphasize the enhancement of students' skills and knowledge in an effective and enjoyable manner. The study was conducted at San Miguel National High School, Barangay San Miguel, Norala, South Cotabato, during the third quarter of school year 2024-2025. Using stratified random sampling, a total of fifty students were selected as respondents for the study. The research utilized the Research and Development (R&D) design, which involves a thorough study and development of a teaching and learning tool. Based on the results, it was found that the students' skill level was advanced. The students possess sufficient knowledge in using words to form statements. In the validation of the developed worktext, the results of the expert validation indicated that the material is highly valid, stating that the resource has sufficient content as a teaching tool. The output of this study was accepted by both teachers and students, with the description being highly acceptable. The study revealed that there was no significant difference in the acceptance results between the teachers and students. Therefore, the outcome of this study will serve as a foundation and instrument to continue the development of tools that will aid in the teaching and learning process.

## INTRODUCTION

Isang malaking hamon sa mga guro ang pagturo ng pagsulat sa mga mag-aaral sa kasalukuyan. Kalakip nito ang hamon sa pagpapayabong ng kasanayan sa paggamit ng akmang mga salita sa pagbuo ng isang sulatin. Isang pangangailangan sa pagsulat ang paggamit ng tamang bahagi ng panalita upang ganap na maipahayag ang wastong diwa o mensahe ng isang akda. Kung may kakulangan dito, maaaring magkaroon ng kalituhan sa mga akda sa susunod na mga henerasyon.

Sa kontekstong pandaigdig, yon kina Topping et al., (2017). Ang epekto ng peer feedback sa pagpapahusay ng mga kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral sa pangalawang wika. Sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kanilang mga ideya at pag-aayos ng mga gramatikal na pagkakamali, ipinakita ng kanilang pananaliksik na ang paggamit ng feedback mula sa mga kasamahan ay nakatulong sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang pagsusulat.Kabilang din sa mga problema sa kasanayang ito ang kakulangan sa linggwistikong kagalingan kabilang ang balarila, ugnayan ng bokabularyong gagamitin, pangamba sa pagsulat, kakulangan ng ideya at kahinaan sa estruktura't organisasyon ng mga pangungusap (Fareed et. al.2016).

Sa bansang Pilipinas, natuklasan na mababa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng artikulo o sanaysay, partikular na sa paggamit ng tamang mekaniks at lohikal na pag-aayos ng mga ideya sa pagsulat. Ang pag-aaral ay nagpahayag na ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa panggramatikang Filipino ay nakatamo ng "Beginning" sa pagpili ng tamang salita, estruktura ng pangungusap, at lohikal na pag-aayos, at "Developing" naman sa wastong paggamit ng mga salita, ayos ng pangungusap, pagbubuo ng pangungusap, at mekaniks (Misa 2019). Ang paggawa ng maraming pagsubok at pag-uulit sa isang sulatin ay isang paraan upang matamo ang mahusay na pagsulat. Kaugnay nito, ang hangarin ng pagtuturo ng Filipino ay ang pagyabong ng kakayahang komunikasyon ng bawat mag-aaral (Salcedo, 2015).

. Samantala, natuklasan sa pag-aaral ni Peteros (2022) sa Koronadal National Comprehensive High School na nararapat bigyan ng makatotohanang kagamitang pampagtuturo ang mag-aaral na nakapokus sa kasanayang pagsulat. Kaya, nararapat na matugunan ng mga guro sa pamamagitan ng mga angkop na dulog at pamamaraan ng pagtuturo. Sa Mataas na Paaralan ng San Miguel, isa sa naging resulta ng pag-aanalisa ng

mga guro sa gawa ng mga mag-aaral ay ang kahinaan sa paggamit ng tamang salita sa pagbuo ng isang sulatin. Kasabay ng pagpapahayag ng mga ideya, ang pagkakaroon kalituhan dala ng hindi wastong salitang ginamit.

Sa pagsusuri sa mga naunang pananaliksik, napansin ang mga kakulangan tungkol sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa konteksto ng lokal na edukasyon. Masasabing maraming pag-aaral ang nakatuon sa linggwistika ngunit hindi sapat ang pag-iimbestigang ito. Dagdag pa rito, marami ngang pag-aaral ang nakatuon sa wika ngunit hindi pa malinaw ang mga detalye at hindi pa ganap na masusukat ang kasanayan sa linggwistika partikular sa pagtuon sa mga salitang pangnilalaman at mga salitang pangkayarian (Mahbub,2021; Nugroho,2021; Quora, 2019). Ang mga kakulangang ito ang nagbigay ng daan ng upang pagtuunan ng pansin ang mga pangangailangan para sa mas malalim na pag-alam sa kasanayan sa bahagi ng panalita ng mga mag-aaral.

Sa paglinang kasanayan sa pagsulat nararapat na malinang din ang kasanayan sa tamang paggamit ng bahagi ng panalita ng mga mag-aaral sa pabuo ng mga sulatin. Isang pangangailangan na kinakailangang matungunan upang mapaunalad ang kaalaman hindi lamang ng kasalukuyan kundi maging ng mag-aaral sa hinaharap. Kung kaya, isinagawa ang pag-aaral na ito upang masukat ang antas ng kasanayan sa bahagi ng panalita ng mga mag-aaral sa Baitang 10 na magiging batayan upang mabuo ang kagamitang pampagtuturo na *worktext* upang bigyan ng tuon ang pangangailanagan ng mga mag-aaral.

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang kasanayan sa bahagi ng pananalita ng mga mag-aaral sa Baitang 10 bilang batayan sa pagbuo ng *Worktext*.

Naglalayong mabigyang kasagutan ng pananaliksik ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa bahagi ng panalita ng mga mag-aaral sa Baitang 10 batay sa:
   1.1 Mga Salitang Pangnilalaman; at
   1.2 Mga Salitang Pangkayarian?
2. Ano ang antas ng balidit ng nabuong worktext batay sa kasanayan sa bahagi ng panalita ng mga mag-aaral sa Baitang 10 ayon sa:
   2.1 nilalaman;
   2.2 disenyo at organisasyon ng kagamitan;
   2.3. kalidad ng teksto at anyo ng kagamitan;
   2.4 pagtatasa;
   2.5 kakayahang mabasa';
   2.6 sanggunian at pinagmulan; at
   2.6 paglalarawan?
3. Ano ang antas ng akseptabiliti ng mga guro sa nabuong *worktext* batay sa kasanayan sa bahagi ng panalita ng mga mag-aaral sa Baitang 10 ayon sa;
   3.1 nilalaman;
   3.2 kalinawan;
   3.3 panghikayat sa target na gagamit; at
   3.4 orihinalidad?
4. Ano ang antas ng akseptabiliti ng mga mag-aaral sa nabuong *worktext* batay sa kasanayan sa bahagi ng panalita ng mga mag-aaral sa Baitang 10 ayon sa;
   4.1 nilalaman;
   4.2 kalinawan;
   4.3 panghikayat sa target na gagamit; at
   4.4 orihinalidad?
5. May makabuluhang kaibahan ba ang pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa nabuong *worktext* batay sa kasanayan sa bahagi ng panalita ng mga mag-aaral sa Baitang 10 ayon sa ;
   5.1 nilalaman;
   5.2 kalinawan;
   5.3 panghikayat sa target na gagamit; at
   5.4 orihinalidad?

## METHODOLOGY

### Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Pananaliksik at Pag-unlad o *Research and Development(R&D).* Sa pananaliksik na ito angkop ang ganitong uri ng desinyo sa pag-aaral dahil inalam ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa bahagi ng panalita sa pamamagitan ng pagsuri sa mga isinulat na mga sulatin. Batay sa naging resulta, bumuo ng isang *worktext* bilang tugon sa pangangailangan ng mag-aaral at tinukoy ang antas ng baliditi at pagtanggap sa nabuong kagamitang pampagtuturo.

### Respondente ng Pag-aaral

Ang respondente ng pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral na mula sa Baitang 10 ng Mataas na Paaralan ng San Miguel, San Miguel, Norala, South Cotabato

### Kalahok sa Pag-aaral

Ang unang pangkat na kalahok sa pag-aaral ay ang mga mag-aaral sa baitang 10 ng San Miguel National High School na may kabuoang limampu.

Ang pangalawang pangkat ng mga kalahok ay ang tatlong dalubhasang mga guro na susuri sa balidasyo ng nabuong kagamitang pampagtuturo.

Ang pag-aaral na ito ay nilahukan din ng pangatlong pangkat na binubuo ng walong guro sa Filipino na siyang susuri sa pagtanggap ng worktext.

### Pangangalap ng mga Datos

Inihanda ng mananaliksik ang lahat ng kakailanganin sa pag-aaral. Humingi ang mananaliksik ng pahinutulot mula sa dekana ng paaralang pangradwado, tagapamanihala at punongguro ng paaralan kung saan gaganapin ang pag-aaral. Sumulat din siya sa mga dalubhasang guro upang kunin ang kanilang pagsang-ayon bilang balideytor ng pag-aaral at nang ganap na ang pagsang-ayon ay ibinigay na sa kanila ang materyal at ang naihandang talatanungan

Masusing ginamit ng mananaliksik ang Input, Process at Output na modelo ng pananalisik. Sa input ay ang pagsukat sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Samantalang sa proseso naman ay ang mga pagsuri sa mga datos na nakalap at sa aoutput naman ay ang balidong worktext ng pag-aaral.

Ang mga datos na nakalap ay maingat na inalisa ng mananaliksik gamit ang mga istatistikal na kagamitan tulad ng mean, standardard deviation at Mann Whitney U-test.

## RESULTS AND DISCUSSION

Sa kabanatang ito, inilahad at matamang sinuri ng mananaliksik ang antas ng kasanayan sa bahagi ng panalita ng mga mag-aaral sa baitang 10 bilang batayan sa pagbuo ng *worktext*. Sa hangarin ng mananaliksik na maging madali ang pagsusuri at pagbibigay-interpretasyon sa mga datos na nakalap, isinaayos ito sa pamamagitan ng mga talahanayan.

**Antas ng Kasanayan sa Bahagi ng Panalita ng mga Mag-aaral batay sa Salitang Pangnilalaman**

| *Salitang Pangnilalaman* | *Mean* | *SD* | *Deskriptibong Antas* |
|---|---|---|---|
| *Pangngalan* | *98.58* | *2.92* | *Advanced* |
| *Panghalip* | *97.86* | *1.94* | *Advanced* |
| *Pandiwa* | *96.20* | *3.06* | *Advanced* |
| *Pang-uri* | *99.48* | *1.05* | *Advanced* |
| *Pang-abay* | *98.10* | *1.57* | *Advanced* |
| ***Kabuoan*** | ***98.10*** | ***1.14*** | ***Advanced*** |

Batay sa datos, makikita na ang Pang-uri ang may pinakamataas na mean na 99.48 (SD= 1.05) sa lahat ng salitang pangnilalaman na may deskripsiyong advanced. Sinundan ito ng Pangngalan na may mean na 98.58 (SD= 2.92). Pangatlo ang Pang-abay na may mean na 98.10 (SD= 1.57). Samantala, ang Panghalip naman ay may mean na 97.86 (SD=1.94) na may deskripsiyong advanced. Nakakuha naman ang Pandiwa ng mean na 96.20 (SD=3.06) na may deskripsiyong advanced. Nagsasabi lamang ito na ang mga respondente ay may kakayahang makapaglahad ng kanilang mga iniisip gamit ang angkop na mga salita. Sa kabuoan, makikita sa talahanayan ng salitang pangnilalaman na ang mga respondente ay nakuha ang antas ng **advanced** na may mean na 98.10 (SD=1.14).

Ito ay nagpapakita ng mahusay na kasanayan sa pagbuo ng mga pangungusap at paggamit ng mga bahagi ng pananalita nang wasto at tumpak. Gayunpaman, ito ay nagpapahiwatig din na ang patuloy na pagsusuri at pagpapabuti ng iba't ibang kasanayan ay maaaring kinakailangan upang matiyak ang mas malalim na pag-unawa at kahusayan sa bawat aspeto ng wika batay na sa kamaliang sa paggamit ng mga salita.

Ang mga resultang ito ng pag-aaral ay sinuportahan ito ni Macasmag (2011) mula sa pag-aaral ni Misa (2021) na kapag natututo ang isang bata ng gramatika, nagiging bihasa siya at napabubuti ang kanyang mga pahayag. Lalong lumalago ang kanyang kaalaman kapag madalas siyang nakikipag-usap. Sa pakikipagkomunikasyon, natutukoy ang tamang at maling paggamit ng gramatika. Sa mga talakayan, nahuhubog ang kasanayan ng mag-aaral at dito makikita kung ano ang kanyang natutunan tungkol sa gramatika. Dagdag pa, nabanggit din ni Misa (2021) ang pahayag ni Almario (2015) na "Sa kabilang dako, hindi maipagkakaila na kahit ang mga gurong Filipino ay nalilito sa nagbabanggaang mga panukalang uri at anyo ng wikang Filipino sa kasalukuyan. Ang mga haka at panukala na naglalayong iligtas ang wikang pambansa mula sa kumunoy ng "purismo" at harapin ang mga hamon ng intelektuwalisasyon ay dapat lamang umabot kasunod ng pagbabago sa pangalan ng wika mula sa "Pilipino" tungo sa "Filipino," pati na rin ang pagbabago ng alpabeto sa 28 titik.

**Antas ng Kasanayan sa Bahagi ng Panalita ng mga Mag-aaral batay sa Salitang Pangkayarian**

| *Salitang Pangkayarian* | *Mean* | *SD* | *Deskriptibong Antas* |
|---|---|---|---|
| *Pangatnig* | *98.42* | *2.12* | *Advanced* |
| *Pang-angkop* | *97.20* | *2.39* | *Advanced* |
| *Pang-ukol* | *99.44* | *1.09* | *Advanced* |
| *Pananda* | *99.30* | *1.49* | *Advanced* |
| *Pangawing* | *99.74* | *0.78* | *Advanced* |

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 61-70

| | | | |
|---|---|---|---|
| ***Kabuoan*** | ***98.82*** | ***0.95*** | ***Advanced*** |

Batay sa datos, makikita na ang pinakamataas na kasanayan sa salitang pangkayarian ay ang Pangawing na may mean na 99.74 (SD= 0.78) at sinundan ng Pang-ukol na may mean na 99.44 (SD=1.09) na parehong nakakuha ng deskripsiyong advanced. Samantala, nakakuha naman ang Pananda ng mean na 99.30 (SD=1.49) na may deskripsiyong advanced . Parehong nakakuha ng deskripsiyong advanced ang Pangatnig na may mean na 98.42 (SD=2.12) at Pang-angkop na may mean na 97.20 (SD=2.39). Ayon sa datos na nakalap, ang mga mag-aaral ay may mataas na kasanayan sa paggamit ng mga salita pangkayarian sa loob ng pangungusap. May mga kamalian ngunit ito ay limitado lamang at hindi naging dahilan upang bumaba ang antas ng kanilang kasanayan.Sa kabuoan, ang mga pagkakamaling natamo ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga salitang pangkayarian ay limitado kung kaya't ang antas ng kanilang kasanayan ay nanatiling **advanced** na may mean na 98.82 (SD=0.95)

Ito nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may kahanga-hangang kasanayan sa mga aspekto ng wika. Ang lahat ng mag-aaral ay nakakuha ng "Advanced" na antas ng kasanayan, na nagpapahiwatig na sila ay nakakuha ng mataas na antas ng pagkatuto at pag-unawa sa mga bahagi ng pagsusuri. Ito ay nagpapakita ng mahusay na pagsasanay at pagpapalawak ng kanilang mga kasanayan sa wika.

Sinusuportahan ito ng resulta ng pag-aaral ni Alo (2023) na kung saan lumabas na mataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa linggwistika. Ito ay nagsasaad na ang mga mag-aaral sa senior high school ay may sapat na kasanayan sa linggwistika. Ang kanilang bokabularyo ay malawak at mahusay. Ang mga mag-aaral ay may kaalaman sa paggamit ng mga salita at kung ano ang ibig sabihin nito. Mayroon silang isang malawak na hanay ng mga salitang ginagamit sa bawat pangungusap. Nauunawaan nila ang mga salita batay sa konteksto at may posibilidad na dahil sa mahusay na pagtuturo ng kanilang guro sa Filipino. Pinagtitibay rin sa sinabi ni J. Lee (2015) mula sa pag-aaral ni Misa 2021 na ang isang tao na bihasa sa gramatika ay may kakayahan sa tamang paggamit ng mga tuntunin ng balarila na magagamit niya sa pagsulat ng mga makulay at makatarungang pangungusap. Siya rin ay may kasanayan sa epektibong komunikasyon na nag-aambag sa kanyang kakayahang magpahayag nang malinaw at may mataas na kalidad.

**Balidit Ng Nabuong Worktext**

| | Pamantayan | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Nilalaman ng worktext | 4.40 | 0.53 | Napakabalido |
| 2 | Kalidad ng teksto at anyo ng kagamitan | 4.42 | 0.63 | Napakabalido |
| 3 | Pagtatasa | 4.08 | 0.80 | Lubos na Balido |
| 4 | Kakayahang mabasa | 4.42 | 0.63 | Napakabalido |
| 5 | Sanggunian at pinagmulan ng sipi | 4.33 | 0.58 | Napakabalido |
| 6 | Pagkakabuo/paglalarawan | 4.33 | 0.59 | Napakabalido |
| | **Kabuoan** | **4.38** | **0.36** | **Napakabalido** |

Makikita sa resulta na parehong nakakuha ng pinakamataas na *mean* ang kalidad ng teksto at ayo ng kagamitan at ang kakayahang Mabasa na may mean na 4.42 (SD=0.63) na may deskripsyong antas na napakabalido. Sinusundan naman ito ng nilalaman ng worktext na may *mean* na 4.40 (SD=0.53). Samantala, ang sanggunian at pinagmulan ng sipi at paglalarawan na may mean na 4.33 bagamat may bahagyang pagkakaiba sa SD. Nakakuha naman ng mean na 4.08 (SD=0.80) ang pagtatasa na may deskripiyong lubos

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 61-70

na balido. Sa kabuoan nakakuha ng mean na 4.38 (SD=0.36) ang worktext na may deskripsiyong napakabalido.

Ang kabuoang pagsusuri ng worktext ay nagpapakita ng mataas na kasiyahan mula sa mga respondente hinggil sa disenyo, nilalaman, kalidad ng teksto, organisasyon ng mga kagamitan, at kakayahang mabasa. Ang karamihan ng *mean scores* ay nagpakita ng positibong pananaw na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng balididad at ng pagkakaroon ng mga layunin at estratehiya na nakatuon sa pagpapabuti ng kasanayan at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang *worktext* ay isang mabisang materyal na makatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan at pagkatuto ng mga mag-aaral ngunit may ilang aspeto na kinakailangang patuloy na suriin at pagbutihin upang mapataas pa ang kabuuang kalidad at angkop na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang kinalabasang ito ay sinusuportahan ng resulta sa pag-aaral ni Espinar at Ballado (2017) na ang nabuong worktext ay nagtataglay ng kabisaan sa nilalaman. Nagtataglay rin ito ng magkakaugnay at kawili-wiling paksa na akma sa mga target na gagamit. Naglalaman din ito ng sapat na mga kaalaman at ang pagbuo ng worktext ay napapanahon at kapwa pabor ang mga respondente. Dagdag pa ni Araza (2023), ang nilalaman ng nabuong kagamitan ay nakamit ang mga kinakailangang pamantayan para sa pagtanggap ng materyal sa pagkatuto mula sa pananaw ng mga gumagamit. Gayunpaman, ang mga resulta ay hindi nagpapakita ng mataas na kalidad at natatanging awtput kaya't kinakailangan pa ng karagdagang pagpapabuti at rebisyon.

**Akseptabiliti ng mga Guro sa Nabuong Worktext**

| | Pamantayan | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Nilalaman | 3.83 | 0.23 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 2 | Kalinawan | 3.88 | 0.35 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 3 | Panghikayat Sa Target Na Gagamit | 3.78 | 0.35 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 4 | Orihinalidad | 3.84 | 0.13 | Lubos na katanggap-tanggap |
| | **Kabuoan** | **3.83** | **0.20** | **Lubos na katanggap-tanggap** |

Makikita sa resulta na ang kalinawan ay nakakuha ng pinakamataas na mean na 3.88 (SD=0.35). Sinundan naman ito ng orihinalidad na may mean na 3.84 (SD=0.13) at nilalaman na may mean na 3.83 (SD=0.23). Kapareho ng naunang pamantayan, nakakuha ng deskriptibong antas na lubos na katanggap-tanggap ang panghikayat sa target na gagamit na may mean na 3.78(SD=0.35). Sa kabuuan, ang antas ng akseptabiliti ng mga guro sa nabuong worktext ay nakakuha ng deskriptibong antas na lubos na katanggap-tanggap na may mean na 3.83 (SD=0.20)

Batay sa naging resulta, ang worktext na isinagawa sa pag-aaral ay nagpapakita ng mataas na antas ng akseptabilidad mula sa mga guro. Ang mga datos mula sa mga respondente ay nagpapakita ng positibong pagtanggap sa disenyo, nilalaman, at kalidad ng kagamitan. Ang mababang standard deviation sa bawat pamantayan ay nagpapahiwatig ng mataas na konsistensya sa mga opinyon ng mga sumuri, na nagpapataas ng kredibilidad ng pagsusuri. Ayon sa mga resulta, ang worktext ay itinuturing na lubos na epektibo sa aspeto ng nilalaman, kalinawan, panghikayat sa target na gumagamit, at orihinalidad.

Natuklasan sa pag-aaral nina Reyes at Guia (2006) na ang pagtanggap ng mga guro sa nabuong worktext ay may deskripsiyong antas na katanggap-tanggap. Nagpapakita lamang ito na ang materyal ay isang malaking tulong sa mga guro sa proseso ng pagkatuto at pagtuturo. Bagamat may ilang aspekto pa na maaaring mapabuti tulad ng dagdag na interaktibidad at mas malalim na pagsusuri ng mga layunin, ang kabuuang mataas na akseptabilidad ng mga guro ay nagmumungkahi na ang worktext ay isang epektibong kasangkapan sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Sinasang-ayunan naman ni Cruz (2015) ang nabuong worktext ay nakatanggap ng napakataas na rating sa ebalwasyon mula sa mga guro. Batay sa mga natuklasan, napag-alaman na ang binuong worktext ay katanggap-tanggap at maaaring magamit bilang materyales sa pagtuturo ng parehong mga estudyante at mga propesor para sa pagpapadali ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

**Akseptabiliti ng mga Mag-aaral sa Nabuong Worktext**

| | Pamantayan | Mean | SD | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Nilalaman | 3.86 | 0.16 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 2 | Kalinawan | 3.85 | 0.17 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 3 | Panghikayat Sa Target Na Gagamit | 3.88 | 0.15 | Lubos na katanggap-tanggap |
| 4 | Orihinalidad | 3.89 | 0.13 | Lubos na katanggap-tanggap |
| | **Kabuoan** | **3.87** | **0.11** | **Lubos na katanggap-tanggap** |

Makikita sa Talahanayan 9 ang resulta ng akseptabiliti ng mga mag-aaral sa nabuong *worktext*. Nakakuha ng pinakamataas na mean ang orihinalidad (na may mean na 3.89 (SD=0.13) na binigyang deksripsiyon na lubos na katanggap-tanggap. Sinundan nman ito ng panghikayat sa target sa gagamit na may mean na 3.88 (SD=0.15). Samantala, nakakuha naman ng mean na 3.86 (SD=0.16) ang nilalaman at mean na 3.85 (SD= 017) ang kalinawan. Hindi nagkakalayo ang mga nakuhang mean ng bawat isa at binigyang deskripsyon bilang lubos na katanggap-tanggap. Batay sa mga datos, makikita na ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong worktext ay lubos na katanggap-tanggap na may mean gain score na 3.87 at standard deviation na 0.11.

Ang pagsusuri ng akseptabilidad ng mga mag-aaral sa nabuong worktext ay nagpakita ng mataas na antas ng pagtanggap at positibong reaksyon mula sa mga mag-aaral. Masasabing ang *worktext* ay may positibong epekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral at ito ay nagpapakita ng mataas na kalidad ng pagpaplano at pagdidisenyo ng materyal na pang-edukasyon na may malinaw na layunin at estruktura. Samantala, ang mababang standard deviation ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay may pagkakapareho ng opinyon patungkol sa aspeto ng kalinawan ng pagkakahati ng mga aralin, kaya't itinuturing nilang lubos na katanggap-tanggap.

Ang natuklsan sa pag-aaral na ito ay tumutugma sa pag-aaral ni Esquirdo at Ballado (2021) na kung saan ang antas ng akseptabiliti ng mga mag-aaral sa nabuong worktext ay lubos na katanggap-tanggap. Nagpapakita lamang ito na ang nabuong materyal ay lubusang tinanggap ng mga mag-aaral bilang kagamitan s akanilang pagkatuto. Dagdag pa sa pag-aaral ni Mercado (2020), ang naging resulta sa antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong worktext ay lubos na katanggap-tangaap. Ginamit sa pag-aaral na ito ang sariling gawang *worktext* ng mananaliksik. Ang nasabing *worktext* ay nagtataglay ng iba't ibang gawaing tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa kabila nito, ang kabuoang akseptabilidad ng *worktext* ay nagpapakita ng positibong epekto nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral at ang epektibong pagkakasunod-sunod ng mga nilalaman. Ang mataas na akseptabilidad ay isang indikasyon ng tagumpay ng *worktext* sa pagtugon sa mga layunin ng pagtuturo at pagkatuto.

**Makabuluhang Kaibahan ng Pagtanggap ng mga Guro at Mag-Aaral sa Nabuong Worktext batay sa Kasanayan sa Bahagi ng Panalita ng mga Mag-Aaral sa Baitang 10**

| | Guro | | Mag-aaral | | U | p-Values |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | SD | Mean | SD | | |
| nilalaman | 3.83 | 0.23 | 3.86 | 0.16 | 193.5 | 0.883 |
| kalinawan | 3.88 | 0.35 | 3.85 | 0.17 | 266 | 0.104 |
| panghikayat | 3.78 | 0.35 | 3.88 | 0.15 | 179.5 | 0.617 |
| orihinalidad | 3.84 | 0.13 | 3.89 | 0.13 | 157.5 | 0.313 |

Sa talahanayan 10, nagpapakita ng resulta ng Mann-Whitney U Test. Lahat ng p-values ay mas mataas sa 0.05, kaya **hindi makabuluhan.** Ipinapakita nito na walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagtanggap ng mga guro at ng mga mag-aaral sa nabuong worktext sa kasanayan sa bahagi ng pananalita ng mga mag-aaral sa Baitang 10 batay sa nilalaman, kalinawan, panghikayat at originalidad. Kaya naman magkatulad ang pagtanggap ng dalawang grupo sa nabuong worktext.

Napatunayan din sa pag-aaral nina Espinar at Ballado (2016), na positibo ang pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa nabuong worktext bilang tugon sa angangailangan ng target na gagamit. Natuklasan din niya na ang mga aralin, aktibidad, at impormasyong ipinamamahagi ay malinaw, simple, at madaling maunawaan. Gayundin, ang mga aralin sa worktext ay nagbibigay ng sapat na impormasyon at nagpalalakas ng mga kasanayan sa analitikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Ang mga aktibidad ay may kaugnayan, kawili-wili, nakakapasigla, at maaaring iakma sa mga klase na may malaking bilang ng mga mag-aaral.

Sinusuportahan naman ng resulta ng pag-aaral ni Salavaria (2014) na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa ipinanukalang worktext. Dagdag pa, inilahad din niya ang naging resulta ng pag-aaral ni Castiniares (2005) mula sa pag-aaral ni Salavaria, na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagsusuri ng dalawang grupo ng mga respondente tungkol sa pagtanggap sa binuong worktext sa Advanced Algebra kaugnay ng nilalaman, kahalagahan, wika at istilo, at mga reinforcement exercises.Gayundin, ang pagsusuri ng dalawang grupo ng mga respondente sa antas ng pagtanggap sa binuong worktext ay magkatulad kaugnay ng nilalaman, kahalagahan, wika at estilo, at mga reinforcement exercises

## CONCLUSION

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

Ang mga mag-aaral sa Baitang 10 ng San Miguel National High School ay may kasanayan sa paggamit ng angkop na salitang pangnilalaman at salitang pangkayarian sa pagpapahayag. Ito ay nagsasabing ang mga mag-aaral ay may kakayahang maglahad ng kanilang mga ideya, karanasan, at pagkamalikhain gamit ang mga angkop na mga salita.

Ang nabuong worktext ay maaring gamitin bilang isang kagamitang pampagtuturo dahil naglalaman ito ng angkop na nilalaman, layunin, pagsusulit, paglalarawan at mga pamamaraan.

Ang nabuong worktext ay ikinasiya ng mga guro dahil tumutugon ito sa mga pangangailangan sa pagtuturo ng bahagi ng panalita ng mga mag-aaral at naniniwala sila na makatutulong ito sa pag-oorganisa ng mga aralin at pagbibigay ng mga kaalaman sa mga mag-aaral.

Ikinasiya din ng mga mag-aaral ang nabuong worktext bilang kagamitan sa kanilang pagkatuto ng mga aralin sa bahagi ng panalita dahil umangkop ito sa kanilang interes sa pagkatuto at pagpapalawak ng kanilang kaalaman at kasanayan.

Ang nabuong worktext ay akma at epektibo para sa mga mag-aaral at mga guro bilang isang kagamitang pampagtuturo dahil naglalaman ito ng mga pangangailangan ng bawat isa sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mga aralin tungkol sa bahagi ng panalita at ito ay nagpapakita ng potensyal bilang isnag mahusay na kagamitan.

**SANGGUNIAN**

Alo, M. (2023). A linguistic skills, sociolinguistic abilities, and communicative Proficiency of senior high school students. International Journal of Arts, Sciences and Education, 4(2), 216-232.

Araza, F. (2023). Development and Validation of Most Essential Learning Competency-Based Workbook in General Physics 1 for Senior High School. SEAQIS Journal of Science Education, 3(01), 1-13.

Bangayan- Manera, A. (2020). Writing Without Permission: A Case study on Skinner's Analogy through Vandalism. International Journal of Psychosocial Rehabilitation. 24 (08), 571-578

Bangayan-Manera, A, Vecaldo, R. & Saquing J. (2020). Cultural Structuring of Urok Practices: An Intercultural Communication of Bago Tribe in Kalinga, Philippines. International Journal of Psychosocial Rehabilitation.24 (6), 13193-13217

Bangayan-Manera, A. (2019). Doodle: Towards A Hermeneutical Appreciation in Jacques Derrida's Deconstruction. The Asian EFL Journal. 24 (4.2), 291-204.

Bangayan-Manera, A. (2019). Textual Analysis of School Graffiti. The Asian EFL Journal. 21 (2.3), 273-285.

Cruz, E. D. (2015). Evaluation of worktext in mechanical drafting. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 3(4), 109-117.

Esquierdo, I. E., & Ballado, R. S.(2021). Worktext in Precalculus: Evaluation and Acceptability.

Fareed, M., Ashraf, A., & Bilal, M. (2016). ESL learners' writing skills: Problems, factors and suggestions. Journal of education and social sciences, 4(2), 81-92.

Mangindra, A., & Sandoval, M. A. (2021). Maguindanaon-Taw sa Laya epics Balatamay Lumëna, Diwata Kasaripan and Raha Samadaya: A reflection of their addat. International Journal of Research Studies in Education, 10(4), 101-110.

Mangindra, A. P. (2025). Preserving the legacy: A thematic analysis of heirloom narratives from the Bangsamoro-Maguindanaon. International Journal of Research Studies in Education, 14(2), 17-26.

Misa, R. (2021). Kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ng grade 9 laboratory high school ng President Ramon Magsaysay State University. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 58-68.

Reyes, Y. D., & De Guia, R. G. (2006). Development of English worktext in english 101. Evaluation, 33.

Salavaria, F. (2014). Development and validation of worktext in Statistics. Unpublished thesis, Bataan Peninsula State University. https://www. scribd. com/document/375991130.

Saquing, J. B. (2018). Intercultural Communicative Competence of Bachelor of Science in Secondary Education ( BSED) Major in English Students: A Basis for Proposed Integration of Internationalization in the BSED Major in English Curriculum. The Asian EFL Journal, 20 (12.4),8-29.

Tan-Espinar, M. J. F., & Ballado, R. S. (2017). Content validity and acceptability of a developed worktext in Basic Mathematics 2. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 5(1), 72-84.